**Mga Tagubilin para sa Aplikasyon at Pag-renew ng Lisensiya sa Negosyo**

**Pangkalahatang Impormasyon:**
Ang mga partikular na detalye ng programa sa paglilisensiya at pagrerehistro ng Lungsod ay nakasaad sa Kodigo ng Munisipalidad ng Shoreline (Shoreline's Municipal Code, SMC), na maaaring i-access online dito: https://www.codepublishing.com/WA/Shoreline/#!/Shoreline05/Shoreline0505.html#5.05. Mahalagang sumangguni sa Kodigo ng Munisipalidad ng Shoreline dahil ang ilan sa mga tagubilin na nakasaad rito ay maaaring magbago sa hinaharap.

Wala nang ugnayan ang Lungsod sa Serbisyo sa Paglilisensiya ng Negosyo ng Departamento ng Kita (Department of Revenue Business Licensing Service, DOR BLS) ng Estado ng Washington. Mula 2019, nawawalan ng bisa ang mga lisensiya ng negosyo tuwing Disyembre 31 ng bawat taon. Kinakailangan ng lahat ng negosyo na i-renew ang mga aktibong lisensiya sa negosyo sa Shoreline bago lumipas ang Enero 31 ng sumusunod na taon para maiwasan ang anumang multa sa huling pagpapa-renew.

Inirerekomenda ng Lungsod ng Shoreline na kumpletuhin ang mga aplikasyon o pag-renew ng mga aktibong lisensiya ng negosyo sa Shoreline sa pamamagitan ng FileLocal (online na Portal: www.filelocal-wa.gov) ngunit pinapayagan din nito ang pag-renew sa pamamagitan ng sulat (maaaring i-access ang mga form online dito: https://www.shorelinewa.gov/government/departments/city-clerk-s-office/business-licenses), o nang personal sa Munisipyo (**TANDAAN:** Ang mga personal na pagbisita para sa pag-renew ay pansamantalang sinuspinde habang nakasara ang Munisipyo dahil sa COVID-19).

Ang mga aplikasyon para sa lisensiya ng negosyo sa Shoreline para sa negosyong pisikal na matatagpuan sa loob ng mga hangganan ng lungsod ay maaaring suriin ng Departamento ng Pagpaplano at Pagpapaunlad ng Komunidad (Planning & Community Development Department), Departamento ng Kapulisan (Police Department), o iba pang ahensiya ng pamahalaan. Mahalagang isumite ang aplikasyon nang maagang-maaga bago ang unang petsa ng negosyo sa Shoreline para magawa ang pagsusuring ito. Mahalagang tandaan na isinasaad ng SMC 5.05.050 na, "Ang pagsunod sa mga batas sa gusali, zoning, at iba pang batas ay responsibilidad ng may-ari ng negosyo at ang pagbibigay ng lisensiya ng negosyo ay hindi garantiya ng pagsunod o pagtalikod sa pagpapatupad ng lungsod o iba pang ahensiya sa hurisdiksiyon sa hinaharap."

Nilalayon ng mga sumusunod na tagubilin na gabayan ang mga negosyo sa prosesong ito. Ang mga kahilingan para sa tulong sa pag-navigate sa FileLocal system ay dapat iparating sa FileLocal sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono sa (225) 215-0052 o 1-877-693-4435, o sa pamamagitan ng email sa FileLocal@e-govsystems.com. Ang lahat ng iba pang tanong ay maaaring iparating sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono sa (206)801-2230, o sa pamamagitan ng email sa clk@shorelinewa.gov.

**Sino ang nangangailangan ng Pangkalahatang Lisensiya ng Negosyo?**
Inaatas ng Shoreline sa lahat ng negosyo na magpalisensiya sa Lungsod bago ang pagsasagawa ng negosyo sa loob ng mga hangganan ng lungsod kung sila ay:

- Matatagpuan sa loob ng mga hangganan ng Lungsod at kumikita ng $2,000 o higit pa kada taon sa loob ng mga hangganan ng Lungsod, o
- Matatagpuan sa labas ng mga hangganan ng Lungsod ngunit nagsasagawa ng negosyo sa loob ng mga hangganan ng Lungsod at kumikita ng $2,000 o higit pa kada taon sa loob ng mga limitasyon ng Lungsod.

Hindi kinakailangang magpalisensiya ng negosyo kung:

- pangregulasyong lisensiya ng negosyo o prangkisa ang inaatas ng alinmang iba pang kabanata o seksiyon ng Kodigo ng Munisipalidad ng Shoreline;
- nagde-deliver lamang ito ng mga produktong binili sa labas ng Lungsod;
- nagsasagawa ito ng limitadong tingiang pagbebenta at mga event na sponsor ang Lungsod o kinikilalang 501(c)(3) na nonprofit na organisasyon, na nagaganap nang (6) na araw o mas mababa pa at may kabuuang kita na limang libo ($5,000) o mas mababa taon-taon sa loob ng Lungsod, at/o,
- Institusyong panlibangan o serbisyong pantanghalan sa mga event na sponsor ang Lungsod o kinikilalang 501(c)(3) na nonprofit na organisasyon, na may kabuuang kita na limang libo ($5,000) o mas mababa kada taon sa kalendaryo sa loob ng Lungsod.

**Gusto mo bang mag-apply para sa lisensiya ng negosyo sa Shoreline sa pamamagitan ng FileLocal? Sundin ang mga hakbang na ito:**

1. Kumuha ng Unified Business Identifier (UBI) number sa pamamagitan ng pagpaparehistro sa Departamento ng Kita at pagkuha ng lisensiya ng negosyo online dito: https://dor.wa.gov/open-business/apply-business-license o sa pamamagitan ng pagtawag sa (360) 705-6741.

   **Makakatulong na Tip:** Kung rehistrado na ang iyong negosyo sa Estado ng Washington, maaari mong hanapin ang iyong 16 na digit na UBI online sa pamamagitan ng Panghanap ng Negosyo (Business Lookup) ng Departamento ng Kita ng Estado ng Washington: https://secure.dor.wa.gov/gteunauth/?Link=Lookup o sa pamamagitan ng pagtawag sa (360) 705-6741.

2. Upang maging handa na kumpletong masagutan ang mga tanong sa Aplikasyon para sa Lisensiya ng Negosyo sa Shoreline, inirerekomendang kunin mo ang sumusunod na impormasyong may kinalaman sa iyong negosyo:
   - ☐ Legal na Pangalan ng Entidad (pangalan ng negosyo sa lisensiya ng Departamento ng Kita ng Estado ng Washington)
   - ☐ WA State UBI # (16 na digit na UBI na ibinigay ng Departamento ng Kita ng Estado ng Washington)
   - ☐ Ipinapakitang Pangalan sa Pagsasagawa ng Negosyo (Pangnegosyo o Pangkalakalang Pangalan) kung naiiba sa Legal na Pangalan ng Entidad
   - ☐ Numero ng Telepono ng Negosyo
   - ☐ Address ng Pisikal na Lokasyon
   - ☐ Address para sa Pagpapadala ng Sulat (kung naiiba sa Address ng Pisikal na Lokasyon)
   - ☐ Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan (Pangalan, Numero ng Telepono, Email Address)
   - ☐ Uri ng Entidad ng Negosyo (ayon sa nakarehistro sa Kalihim ng Estado (Secretary of State) ng Estado ng Washington
   - ☐ Petsa ng Unang Aktibidad sa Shoreline
     **Makakatulong na Tip:** Ito ay ang unang petsa kung kailan unang magsasagawa ng negosyo ang iyong negosyo sa loob ng mga hangganan ng lungsod ng Shoreline. Ginagamit ito para tukuyin ang naaangkop na singil sa aplikasyon para sa lisensiya.
   - ☐ Tinatantiyang Kabuuang Taunang Kita sa Shoreline
   - ☐ Bilang ng Empleyado sa Lokasyon
   - ☐ Katangian ng Negosyo (tingnan ang listahan sa aplikasyon)
   - ☐ Detalyadong Paglalarawan ng Pangunahing Aktibidad ng Negosyo sa Shoreline

- Para sa mga negosyong pisikal na matatagpuan sa Shoreline, kakailanganin mong magbigay ng impormasyon para sa sumusunod:
    - Tinatantiyang Inaasahang Bilang ng Customer Kada Linggo
    - Sukat sa square foot ng negosyo sa Address ng Pisikal na Lokasyon
    - Mga Panukalang Pagbabago sa Panloob/Panlabas na Bahagi ng Lugar
    - Kung ang iyong negosyo ay dating may lisensiya sa Shoreline
    - Kung magpapatakbo ka ng: Pang-adult na Kabaret, Pampublikong Sayawan, Masahe, Device na Panoram, Sanglaan, Tindahan ng Segunda-Mano, Solicitor

3. Gumawa ng Business Account sa Filelocal.

   **Makakatulong na Tip:** Kapag naka-log on ka na sa business account, sundin ang mga prompt para mag-apply para sa bagong lisensiya.
   **Makakatulong na Tip:** Kung gusto mo ng tulong sa pag-navigate sa FileLocal system, mangyaring direktang tumawag sa FileLocal sa: 225-215-0052 o 1-877-693-4435, o mag-email sa FileLocal@e-govsystems.com.

   **Makakatulong na Tip:** Kung wala kang access sa internet at nasa King County ka, maaaring posible kang makagamit ng computer sa isang lokasyon ng King County Library (**TANDAAN:** Ang mga lokasyong bukas para sa serbisyo ng library ay maaaring limitado dahil sa COVID-19.)

**Mas gugustuhin mo bang mag-apply para sa lisensiya ng negosyo sa Shoreline sa pamamagitan ng sulat? Sundin ang mga hakbang na ito:**

1. I-print at kumpletuhin ang form ng *Aplikasyon para sa Lisensiya ng Negosyo sa Shoreline* na makukuha online dito: https://www.shorelinewa.gov/government/departments/city-clerk-s-office/business-licenses

   **Makakatulong na Tip:** Kung wala kang access sa internet at nasa King County ka, maaaring posible kang makagamit ng computer sa isang lokasyon ng King County Library (**TANDAAN:** Ang mga lokasyong bukas para sa serbisyo ng library ay maaaring limitado dahil sa COVID-19.)

2. Kumuha ng Unified Business Identifier (UBI) number sa pamamagitan ng pagpaparehistro sa Departamento ng Kita at pagkuha ng lisensiya ng negosyo online dito: https://dor.wa.gov/open-business/apply-business-license o sa pamamagitan ng pagtawag sa (360) 705-6741.

   **Makakatulong na Tip:** Kung rehistrado na ang iyong negosyo sa Estado ng Washington, maaari mong hanapin ang iyong 16 na digit na UBI online sa pamamagitan ng Panghanap ng Negosyo (Business Lookup) ng Departamento ng Kita ng Estado ng Washington dito: https://secure.dor.wa.gov/gteunauth/?Link=Lookup

3. Upang maging handa na kumpletong masagutan ang mga tanong sa Aplikasyon para sa Lisensiya ng Negosyo sa Shoreline, inirerekomendang kunin mo ang sumusunod na impormasyong may kinalaman sa iyong negosyo:
    - Legal na Pangalan ng Entidad (pangalan ng negosyo sa lisensiya ng Departamento ng Kita ng Estado ng Washington)
    - WA State UBI # (16 na digit na UBI na ibinigay ng Departamento ng Kita ng Estado ng Washington)

- ☐ Ipinapakitang Pangalan sa Pagsasagawa ng Negosyo (Pangnegosyo o Pangkalakalang Pangalan) kung naiiba sa Legal na Pangalan ng Entidad
- ☐ Numero ng Telepono ng Negosyo
- ☐ Address ng Pisikal na Lokasyon
- ☐ Address para sa Pagpapadala ng Sulat (kung naiiba sa Address ng Pisikal na Lokasyon)
- ☐ Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan (Pangalan, Numero ng Telepono, Email Address)
- ☐ Uri ng Entidad ng Negosyo (ayon sa nakarehistro sa Kalihim ng Estado (Secretary of State) ng Estado ng Washington
- ☐ Petsa ng Unang Aktibidad sa Shoreline
  **Makakatulong na Tip:** Ito ay ang unang petsa kung kailan unang magsasagawa ng negosyo ang iyong negosyo sa loob ng mga hangganan ng lungsod ng Shoreline. Ginagamit ito para tukuyin ang naaangkop na singil sa aplikasyon para sa lisensiya.
- ☐ Tinatantiyang Kabuuang Taunang Kita sa Shoreline
- ☐ Bilang ng Empleyado sa Lokasyon
- ☐ Katangian ng Negosyo (tingnan ang listahan sa aplikasyon)
- ☐ Detalyadong Paglalarawan ng Pangunahing Aktibidad ng Negosyo sa Shoreline
- ☐ Para sa mga negosyong pisikal na matatagpuan sa Shoreline, kakailanganin mong magbigay ng impormasyon para sa sumusunod:
  - Tinatantiyang Inaasahang Bilang ng Customer Kada Linggo
  - Sukat sa square foot ng negosyo sa Address ng Pisikal na Lokasyon
  - Mga Panukalang Pagbabago sa Panloob/Panlabas na Bahagi ng Lugar
  - Kung ang iyong negosyo ay dating may lisensiya sa Shoreline
  - Kung magpapatakbo ka ng: Pang-adult na Kabaret, Pampublikong Sayawan, Masahe, Device na Panoram, Sanglaan, Tindahan ng Segunda-Mano, Solicitor

4. Pirmahan at lagyan ng petsa ang ilalim ng unang pahina at maglakip ng tseke na ibabayad sa Lungsod ng Shoreline na may halaga ng singil sa lisensiya batay sa Petsa ng Unang Aktibidad sa Shoreline na nakatala sa aplikasyon.

**Mayroon ka bang lisensiya ng negosyo sa Shoreline na gusto mong i-renew sa pamamagitan ng FileLocal? Sundin ang mga hakbang na ito:**

1. Hanapin ang iyong 16 na digit na UBI online sa pamamagitan ng Panghanap ng Negosyo (Business Lookup) ng Departamento ng Kita ng Estado ng Washington dito: https://secure.dor.wa.gov/gteunauth/?Link=Lookup o sa pamamagitan ng pagtawag sa (360) 705-6741.

2. Gamitin ang UBI para hanapin online ang City Account Number na ibinigay ng Lungsod ng Shoreline para sa iyong negosyo sa pamamagitan ng Direktoryo ng Lisensiyadong Negosyo ng Shoreline (Shoreline Licensed Business Directory) dito: https://business.shorelinewa.gov/ o sa pamamagitan ng pagtawag sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod sa (206) 801-2230.

3. Kapag nakagawa ka na ng account sa FileLocal, i-link ang iyong kasalukuyang lisensiya ng negosyo sa Shoreline sa City Account Number na makikita sa hakbang 2.

   **Makakatulong na Tip:** Kung gusto mo ng tulong sa pag-navigate sa FileLocal system, mangyaring direktang tumawag sa FileLocal sa: 225-215-0052 o 1-877-693-4435, o mag-email sa FileLocal@e-govsystems.com.

**Makakatulong na Tip:** Kung wala kang access sa internet at nasa King County ka, maaaring posible kang makagamit ng computer sa isang lokasyon ng King County Library (**TANDAAN:** Ang mga lokasyong bukas para sa serbisyo ng library ay maaaring limitado dahil sa COVID-19.)

**Makakatulong na Tip:** Dapat maging available ang pag-renew ng lisensiya ng negosyo sa Shoreline sa loob ng 24 - 48 oras pagkatapos itong matagumpay na ma-link sa iyong FileLocal account.

**Mayroon ka bang lisensiya ng negosyo sa Shoreline na ire-renew mo sa pamamagitan ng sulat? Sundin ang mga hakbang na ito:**

1. I-print at kumpletuhin ang form sa *Pag-renew ng Lisensiya ng Negosyo sa Shoreline* na makukuha online dito: https://www.shorelinewa.gov/government/departments/city-clerk-s-office/business-licenses

   **Makakatulong na Tip:** Kung wala kang access sa internet at nasa King County ka, maaaring posible kang makagamit ng computer sa isang lokasyon ng King County Library (**TANDAAN:** Ang mga lokasyong bukas para sa serbisyo ng library ay maaaring limitado dahil sa COVID-19.)

2. Hanapin ang iyong 16 na digit na UBI online sa pamamagitan ng Panghanap ng Negosyo (Business Lookup) ng Departamento ng Kita ng Estado ng Washington dito: https://secure.dor.wa.gov/gteunauth/?Link=Lookup o sa pamamagitan ng pagtawag sa (360) 705-6741.

3. Gamitin ang UBI para hanapin online ang City Account Number na ibinigay ng Lungsod ng Shoreline para sa iyong negosyo sa pamamagitan ng Direktoryo ng Lisensiyadong Negosyo ng Shoreline (Shoreline Licensed Business Directory) dito: https://business.shorelinewa.gov/ o sa pamamagitan ng pagtawag sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod sa (206) 801-2230.

4. Upang maging handa na kumpletong maibigay ang impormasyong kinakailangan para sa form ng *Pag-renew ng Lisensiya ng Negosyo sa Shoreline*, inirerekomendang kunin mo ang sumusunod na impormasyong may kinalaman sa iyong negosyo:
   - Pangalan at Address ng Negosyo
   - Taon ng Pag-renew ng Lisensiya
   - City Account Number
   - WA State UBI # (16 na digit na UBI na ibinigay ng Departamento ng Kita ng Estado ng Washington)
   - Mga update sa sumusunod:
     - Address ng Pisikal na Lokasyon/Address para sa Pagpapadala ng Sulat
     - Numero ng Telepono ng Negosyo
     - Email Address

5. Beripikahin kung ang form na isinusumite ay para sa Pagsara o Pag-renew ng lisensiya (pumili ng isa).

   **Makakatulong na Tip:** Kung pipiliin mong isara ang iyong lisensiya, dapat kang magbigay ng Huling Petsa ng Negosyo sa Shoreline at tukuyin ang dahilan sa form.

6. Magdagdag ng Halaga ng Multa sa Lisensiya batay sa Petsa ng Tatak ng Koreo ng form at tingnan kung ang form ay para sa Pag-renew at ipapadala sa mail pagkatapos ng Enero 31.

7. Kumpletuhin ang Kabuuang Dapat Bayaran (halaga ng Singil sa Lisensiya + Multa sa Lisensiya).

8. Pirmahan at lagyan ng petsa ang ilalim ng unang pahina at maglakip ng tseke na ibabayad sa Lungsod ng Shoreline na may halaga ng singil sa lisensiya at multa (kung naaangkop).